# AKLAS!

Opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayang Lagunense

TOMO 2 BILANG 1
MAYO - HULYO 2026

Paano pinapaigting ni Marcos Jr. ang imperyalismong US sa Pilipinas? p. 3

Huwad na kalayaan, sinalubong ng protesta sa Cavite p. 4

Militanteng pagdiriwang ng Pride month sa Laguna p. 8

Pag-aaral sa epekto ng Ahunan Dam, inilunsad ng mga siyentista't mananaliksik p. 10




EDITORYAL

## Ang tunay na state of the nation: handang magrebolusyon, handang magtagumpay

p. 1-2

LATHALAIN

## Imperyalistang panghihimasok sa lawa ng Laguna

p. 5-6

# Ang tunay na state of the nation: handang magrebolusyon, handang magtagumpay

**Noong Hulyo 27, muling nagtalumpati si Ferdinand Marcos Jr. upang ilahad ang kaniyang ikalimang *State of the Nation Address*. Tulad ng inaasahan, walang makabuluhang pagbabago ang binuladas ng pinunong papet ng reaksyunaryong estado ng Pilipinas.**




Ibinida niya ang di umano'y pag-unlad ng bansa buhat ng mga polisiya ng pamahalaan. Pinagmalaki niya ang pagiging "*Upper-Middle Income Class*" ng ekonomya ng Pilipinas, at mga dambuhalang proyektong imprastruktura sa buong bansa tulad ng Laguna Lakeshore Road Network at Ahunan Dam, habang pakonswelo na lamang ang pahayag niyang tanggalin ang singil at VAT *system loss* sa kuryente.

Hindi niya binanggit na lalong lumawak ang agwat sa pagitan ng mga pinakamahirap at pinakamayaman na Pilipino sa bansa. Wala siyang tugon sa mga panawagang ibasura ang Oil Deregulation Law at ibasura ang VAT. Sa halip, inuna pa niyang ipahayag ang pagpapalipad ng *rocket* patungong kalawakan.

Ipinagmalaki niya ang mga "hakbang" ng rehimen niya para sa "pagsulong" ng huwad na kapayapaan. Ibibida nya ang tagumpay ng *National Action Plan for Unity, Peace, and Development* para di umano'y kamtin ang kapayapaan laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ipinarada niya ang NTF-Elcac bilang mga bayaning nagtatanggol sa Pilipinas.

Pero wala siyang binanggit kung paano hinahalihaw ng pasistang AFP ang mga komunidad sa kanayunan. Wala siyang sapat na oras para ilista ang lahat ng biktima ng pamamaslang at paglabag sa pandaigdigang makataong batas. Hindi niya binanggit na ang pangunahing target ng NTF-ELCAC at ng NAP-UPD ay mga magsasaka, unyonista, aktibista, at iba pang kritiko ng rehimen.

Malamya ang sinabi ni Marcos tungkol sa "pag-usig" sa korapsyon sa bansa. Isang taon mula nang una niyang sabihin na "mahiya" ang mga nagnanakaw sa mga proyekto ng pamahalaan, wala pa ring napapanagot na sangkot sa korapsyon at katiwalian. Nananatiling laganap ang mga modus na pagnanakaw mula sa pondo ng bayan sa pamamagitan ng mga *substandard* na proyekto, mga blankong tseke, at mga hindi maipaliwanag na paggastos.

Bagama't nagpahayag si Marcos na magsasampa siya ng kaso laban kay Martin Romualdez, hindi ito sa diwa ng pagpapanagot kundi sa ngalan ng paggamit sa impeachment trial bilang paraan para kontrahin ang karibal niyang si Sara Duterte.

Dahil alam niya na nasa interes ng mamamayan na makuha ang hustisya laban sa korapsyon, pinopostura niya ang sarili niya bilang masugid na tagapagtanggol ng kaban ng bayan. Binanggit niya ang narekober na ₱800 milyon mula sa korapsyon pero hindi kung gaano kalawak talaga ang katiwalian sa bayan. Hindi niya maamin na siya mismo ang nasa ulo ng sindikatong pamahalaan, at hindi niya babanggitin na nailusot ng pamilya niya ang pagbasura sa kaso ng

> **Ang tunay na kalagayan ngayon ng bansa ay nananatiling hinog para sa isang pambansa-demokratikong rebolusyon.** Hangga't umiiral ang mga obhetibong kalagayang malakolonyal at malapyudal sa bansa, mananatili ring wasto ang paglulunsad ng armadong pakikibaka para baguhin ang ganitong kalagayan.

*plunder* laban sa kanila.

Ang pinakamalaking ibinida ni Marcos ay ang pagkatuta niya sa US. Ipinagmalaki niya ang pagpasok ng Pilipinas sa Pax Silica at ang mas mahigpit na pakikipag-ugnayan ng bansa sa US at sa iba pang mga alyado nito. Ibinida niya ang pag-aangkat ng Pilipinas ng mga makabagong armas mula sa US sa tabing ng "AFP modernization," at ang di umano'y kahandaan nito laban sa China. Halos pasalamatan ni Marcos ang US at si Donald Trump sa "pagtanggol" nito sa Pilipinas at ang walong dekadang "pakikibagkaibigan" ng US at Pilipinas.

Kung tutuusin, alam na natin noon pa kung ano ang tunay na kalagayan ng bansa. Araw-araw itong danas ng ordinaryong Pilipino, at iisa lang ang kongklusyon: hindi na dapat manatili ang ganitong kahibangan.

Ang tunay na kalagayan ngayon ng bansa ay nananatiling hinog para sa isang pambansa-demokratikong rebolusyon. Hangga't umiiral ang mga obhetibong kalagayang malakolonyal at malapyudal sa bansa, mananatili ring wasto ang paglulunsad ng armadong pakikibaka para baguhin ang ganitong kalagayan.

Pinapaypayan lamang ni Marcos ang makatwirang galit ng mamamayan at ang kapasyahan nitong magrebolusyon. Habang pinagpapatuloy niya ang kanyang pagpapakatuta sa imperyalismong US at ang paggampan niya ng papel bilang pangunahing ahente ng burukratang kapitalismo sa bansa, lalong namumulat ang sambayanan na ang tanging landas tungong paglaya ay sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ang tunay na rebolusyonaryong kalagayan ng bansa ay masusuma bilang pasikad, pasulong, at patungong tagumpay. Sa Laguna at sa buong bansa, patuloy na nagpupunyagi ang National Democratic Front of the Philippines at ng lahat ng rebolusyonaryong organisasyong masang kasapi nito para itaas ang rebolusyonaryong kamulatan at kapasyahan ng mamamayan. Patuloy na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang demokratikong rebolusyong bayan, pangunahin sa armadong pakikibaka sa kanayunan sa pamamagitan ng Bagong Hukbong Bayan, at segundaryo sa rebolusyonaryong pakikibaka sa kalunsuran.

Hindi mawawaglit ang diwa ng mamamayan na makibaka para sa ganap na kalayaan at pambansang demokrasya. Sa ikalimang SONA ni Marcos, iisa lamang ang tiyak: napipinto na ang pagbagsak niya at ng buong reaksyunaryong estadong pinamumunuan niya. ▼

AKLAS!

Tomo 2 Bilang 1, Mayo-Hulyo 2026

## NILALAMAN

*EDITORYAL*

Ang tunay na state of the nation: handang magrebolusyon, handang magtagumpay — *p. 1-2*

*PAGSUSURI*

Paano pinapaigting ni Marcos Jr. ang imperyalismong US sa Pilipinas? — *p. 3*

*BALITA*

Manggagawa ng San Miguel Integrated Logistics, nagwelga — *p. 2*

Huwad na kalayaan, sinalubong ng protesta sa Cavite — *p. 4*

Militanteng pagdiriwang ng Pride month sa Laguna — *p. 8*

Pag-aaral sa epekto ng Ahunan Dam, inilunsad ng mga syentista't mananaliksik — *p. 10*

*LATHALAIN*

Imperyalistang panghihimasok sa lawa ng Laguna — *p. 5-6*

Kabataan, ang landas mo'y sa Rebolusyon!: Pag-alala kina Ka Ash at Ka Laura — *p. 7*

Pag-asa't pakikibaka sa unang araw ng Mayo — *p. 9*

*KULTURA*

Tanikala — *p. 11*

*KALENDARYO NG BAYAN* — *p. 11*

# Manggagawa ng San Miguel Integrated Logistics, nagwelga

BALITA




*Itinayo ng mga manggagawa ng SMILSI ang kanilang kubol sa labas ng Sta. Rosa Industrial Complex, Hulyo 29.*

**Naglunsad ng welga ang 800 manggagawa ng San Miguel Integrated Logistics Services, Inc. sa Santa Rosa, Laguna matapos sila iligal na tanggalin ng kapitalistang si Ramon Ang, Hulyo 24.**

Matapos ang bigong dayalogo sa National Conciliation and Mediatory Board ng Department of Labor and Employment, pinutok ng mga manggagawa ng SMILSI ang welga at hinarangan ang gate ng San Miguel Santa Rosa Industrial Complex sa Brgy. Pulong Santa Cruz, Santa Rosa. Naobliga ang lokal na pamahalaan ng Santa Rosa na agarang rumesponde at nangakong mamamagitan sa pakikipag-usap.

*Sundan sa p. 4*

Ang AKLAS! ay ang pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Laguna. Pinapamatnugutan ito ng National Democratic Front of the Philippines Laguna.

Bukas ang pahayagan sa mga kontribusyon, kumento, puna, at iba pang liham. Mangyaring magpaabot lamang sa malayaasedillo@proton.me

# Paano pinapaigting ni Marcos Jr. ang imperyalismong US sa Pilipinas?

**Mula nang maupo si Ferdinand Marcos Jr. bilang pinuno ng malakolonyal na estado, tumingkad lalo ang pagkonsolida ng impluwensya ng Amerika sa Pilipinas. Sa gitna ng lumalalim na pandaigdigang krisis sa ekonomya at tumatalas na inter-imperyalistang kontradiksyon ng US at China, lalong nagiging mahalaga ang Pilipinas para sa Amerika bilang estratehikong base nito.**



Hindi ito simpleng usapin ng diplomasya o pambansang seguridad, kundi pagpapatuloy ng amo-at-alipin na relasyon ng Pilipinas sa US. Sa balangkas ng imperyalistang dominasyon ng US, nagsisilbi ang rehimeng US-Marcos II para itaguyod ng mga layunin ng Amerika sa Timog-Silangang Asya.

Pinapagpapatuloy ni Marcos ang mahabang kasaysayan ng malakolonyal na paghahari ng US sa Pilipinas. Mula 2022, tuloy-tuloy ang pagsuyo ni Marcos sa US kapalit ng pabuya at suporta nito. Pinirmahan niya ang Bilateral Defense Guidelines at pagdagdag ng base militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. Pinahintulutan niya ang paglulunsad muli ng mga joint military exercises tulad ng Balikatan at Salaknib kasama ang iba pang mga alyado ng US. Pinayagan niya ang pagtatayo ng mga *ammunition depot*, daungan, at iba pang pasilidad militar ng US labas sa probisyon ng EDCA.

Nito lamang ay nagpalipad ang US ng Typhon missile mula sa Tacloban Airport para tamaan ang mga *live-fire* target sa Laur, Nueva Ecija; may layo ng mahigit 200 km. Ito ay tahasang paglabag sa batas ng digmaan at tuwirang paglalagay ng Pilipinas sa panganib ng agresibong aksyon laban sa China.

Labas sa panghihimasok militar, pinasok ni Marcos ang Pilipinas sa pagbubuo ng Luzon Economic Corridor kasama ang US at Japan. Layunin nitong paunlarin ang transportasyon, lohistika, enerhiya, manupaktura, at konektibidad sa Gitnang Luzon at Timog Katagalugan. Bahagi nito ang mga proyektong imprastruktura tulad ng Laguna Lakeshore Road Network sa kahabaan ng lawa ng Laguna.

Ang pinakabagong pagpapakatuta ni Marcos ay ang pagpasok nito sa inisyatibang Pax Silica. Sa ilalim nito, ibibigay ng Pilipinas ang 1,619 ektarya ng lupa sa New Clark City nang libre sa US para pagtayuan ng mga korporasyon at *AI data center*. Umani ito ng malawak na batikos dahil sa banta nitong sirain ang kalikasan, palayasin ang mga magsasaka't katutubong Aeta, hindi malinaw na ganansya para sa manggagawa at industriyang Pilipino, at ang lantarang paggamit ng Pax Silica upang pagsilbihin ang Pilipinas bilang baseng manupaktura ng US sa kanyang mga digmaan.

Natural na gagampanan ni Marcos ang papel ng bentador ng soberanya sa mga imperyalistang amo nito. Si Marcos, bilang kinatawan ng naghaharing uri sa Pilipinas, ay instrumento ng neokolonyal na paghahari ng US sa saklaw ng impluwensya nito. Kapalit ng pagtataguyod nito sa US, suportado ng US ang pagpapanatili niya sa poder sa pamamagitan ng pagbuhos ng pondo sa reaksyunaryong pasismo at pagsuporta sa pagtugis sa mga karibal nito sa pulitika.

Gayumpaman, nananatili ang anti-imperyalistang pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Sumisikad ang pakikibaka laban sa imperyalismong US at sa iba't ibang mukha nito. Nananatili ang demokratikong kilusang masa na naggigiit ng pambansang kasarinlan, tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, at demokratikong karapatan laban sa interbensyong militar ng US at neoliberal na atake sa mamamayan.

Patuloy din na nagpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Isinusulong nito ang anti-imperyalistang rebolusyonaryong digma sa absolutong pamumuno nito sa Bagong Hukbong Bayan, habang pinapanday ang malapad na anti-imperyalistang nagkakaisang prente kasama ang National Democratic Front of the Philippines.

Lalong naging malinaw na ang pagpapalalim ng pagpapakatuta ni Marcos sa US ay hindi nagdulot ng tunay na pag-unlad para sa nakararaming Pilipino. Habang patuloy na isinusuko ng estado ang mga estratehikong yaman, lupain, at patakaran ng bansa sa dikta ng dayuhang kapangyarihan, nananatiling hamon sa sambayanang Pilipino ang pagpapatuloy ng pakikibaka para sa tunay na kasarinlan, pambansang demokrasya, at isang lipunang malaya sa imperyalistang dominasyon. ▼

# Huwad na kalayaan, sinalubong ng protesta sa Cavite

**Hindi pa ganap na malaya ang mga Pilipino sa harap ng tumitinding suliraning pang-ekonomiya at dayuhang impluwensiya, ayon sa mga progresibong grupong nagsagawa ng protesta kasabay ng paggunita sa ika-128 anibersaryo ng Araw ng Kalayaan sa Kawit, Cavite, Hunyo 12.**

Pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan Timog Katagalugan ang isang *protest caravan* sa probinsya ng Cavite, bilang pagkundena sa nagpapatuloy na pagkatuta ng rehimeng US-Marcos at pagpapanawagan sa pagdepensa sa pambansang soberanya at kasarinlan. Nagsimula ang programa sa bayan ng Kawit malapit sa bahay ni Hen. Emilio Aguinaldo, kung saan idineklara ang pagkakatatag ng Unang Republika ng Pilipinas noong 1898.

"Ang tanong na hinahapag natin ngayong Hunyo 12: malaya ba talaga ang sambayanang Pilipino?" sabi ni Lucky Oraller, tagapagsalita ng BAYAN Southern Tagalog. Aniya, habang ipinagdiriwang ng pamahalaan ang Araw ng Kalayaan, nananatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa, patuloy ang pagtaas ng presyo ng pagkain, pamasahe, kuryente, at iba pang pangunahing pangangailangan, at nahaharap ang ilang mangingisda sa pagkawala ng kabuhayan dahil sa mga reclamation project at nanganganib namang mapaalis sa kanilang mga komunidad ang ilang maralitang pamilya.

Kinondena rin ng mga kalahok ang umano'y lumalalang kahirapan at mga paglabag sa karapatang pantao sa bansa. Iginiit nilang hindi sapat ang pormal na kalayaan kung patuloy na nararanasan ng mamamayan ang kahirapan at kawalan ng seguridad sa kabuhayan.

Ayon naman kay Jhezarie Ybarrita ng League of Filipino Students - UPLB, "Hindi tayo tunay na malaya hangga't ang edukasyon natin ay hinuhubog ng dayuhan. Hindi tayo malaya kung wala tayong tunay na pambansang soberanya." Dagdag niya, hindi pa ganap ang kalayaan kung nananatiling nakadepende sa dayuhang impluwensiya ang mahahalagang sektor at kung hindi lubos na napakikinabangan ng mamamayan ang likas na yaman ng bansa.

"Hindi tayo malaya hangga't hindi tayo mismo ang nakikinabang sa ating likas na yaman," aniya.



*Effigy ni Pangulong Donald Trump ng US na sinunog sa kaduluhan ng programa sa Kawit, Cavite, Hunyo 12.*

Tampok sa programa ang pagtalakay sa impluwensiya ng mga dayuhang kapangyarihan sa bansa at ang epekto nito sa pambansang soberanya. Nanawagan din ang mga organisasyong lumahok ng dagdag-sahod, pagbaba ng presyo ng mga bilihin, at higit na suporta para sa mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, at iba pang batayang sektor.

Matapos ang programa sa Kawit, nakaranas ng sunod-sunod na serye ng panghaharang at intimidasyon ang delegasyon mula sa mga elemento ng Philippine National Police at Land Transportation Office habang papunta sila sa susunod na programa sa Bacoor. Giit ng mga ahensya ay may mga paglabag daw ang mga drayber na kasama ng delegasyon, ngunit nang tinanong ay wala silang mapakitang malinaw na *violation*. Dalawang sasakyan ang binutasan ng gulong ng di umano'y mga ahente ng kapulisan habang nasa byahe.

Gayumpaman, matagumpay at mapayapang nakarating ng Bacoor ang delegasyon para tapusin ang programa. ▼

### Manggagawa ng San Miguel Logistics...

Ayon sa Liga ng Manggagawa sa SMILSI, tinanggal ang mga manggagawa noong Hulyo 6 buhat ng paborableng desisyon na kilalanin ang kanilang unyon bilang Sole and Exclusive Bargaining Agent noong Abril. Nangangahulugan ang SEBA na obligado ang kapitalistang makipagnegosasyon sa unyon sa usapin ng *collective bargaining*.

Dagdag ng Liga-SMILSI, bukod sa taliwas ito sa unang pahayag ng kumpanya na nagkaroon ng tanggalan dahil sa *redundancy* at pagkatalo nito sa bidding, malinaw na kaso rin ng union busting ang naganap na tanggalan.

Linilinaw ng Liga-SMILSI na ang mga manggagawang tinanggal ay regular na empleyado ng SMILSI. Anila, hindi sila pwedeng tanggalin kahit natalo ang kumpanya sa bidding process dahil protektado sila ng Labor Code. Dagdag na tanong din nila ay kung bakit tuloy-tuloy pa rin ang labas-pasok ng mga trak sa *warehouse* kung natalo umano ang kumpanya sa *bidding process*.

Noong Hulyo 28, kinalampag ng mga manggagawa ng SMILSI ang punong himpilan ng DOLE sa Intramuros sa layuning mapukaw ang ahensya na rumesponde sa kanilang kaso. Sa ngayon, nananatili pa rin ang piket protesta ng mga manggagawa sa harap ng Santa Rosa Industrial Complex habang ginigiit nila ang kanilang karapatang ibalik sa trabaho.

Nagpahayag naman ng pakikiisa ang iba't ibang mga organisasyon sa laban ng SMILSI. Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan Laguna, "Lalong nagiging wasto ang panawagan ng welga dahil sa malubhang kalagayan ng mga manggagawa sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Bukod sa barat na pasahod, wala rin silang kasiguraduhan sa trabaho habang patuloy na yumayaman ang mga malalaking komprador tulad ni Ramon Ang."

Ang SMILSI ay subsidiyaryo ng San Miguel Corporation at humahawak sa warehousing at logistics ng mga produkto nito. Parehong pagmamay-ari ito ng malaking komprador na si Ramon Ang, na isa sa pinakamayamang Pilipino sa kasalukuyan. ▼

# Imperyalistang panghihimasok sa lawa ng Laguna

**Ang Laguna de Bay, ang pinakamalaking lawang tubig-tabang sa Pilipinas at isa sa pinakamalaki sa Timog-Silangang Asya, ang pinagmumulan ng kabuhayan at pagkain ng libu-libong mangingisda at komunidad sa Laguna, Metro Manila, at Rizal. Taun-taon, umaabot sa tinatayang 80,000 metrikong tonelada ng isda ang inaani mula rito, na nagsusuplay sa malaking bahagi ng pangangailangan ng Metro Manila. Ngunit sa kabila ng napakalaking ambag na ito sa seguridad sa pagkain ng bansa, ang lawa at ang mga komunidad nito ay patuloy na hinuhubog hindi para sa kanilang kapakanan kundi upang maging bagong larangan ng negosyo ng malalaking korporasyon at dayuhang interes na isang patuloy na manipestasyon ng imperyalismong US na mula pa noong panahon ng kolonyalismo hanggang sa kasalukuyang neoliberal na "kaunlaran."**

## Walang-tigil na pamumuhunan

Walang ampat ang pagbubuhos ng kapital mula sa mga dayuhang institusyon at mga malalaking kapitalista. Sa kasalukuyan, rinaratsada ng rehimeng US-Marcos II ang pagtatayo ng mga dambuhalang proyektong imprastruktura sa lawa at sa kapaligiran nito.

Ang Laguna Lakeshore Road Network (LLRN) ay isang *expressway system* na itatayo sa palibot ng lawa. Binubuo ito ng mga *viaduct*, *embankment*, *interchange*, at *tunnel* mula Taguig, na iikot sa baybay lawa ng Laguna at iikot hanggang Rizal. Ang proyekto ay pinopondohan ng mahigit $2 bilyon na pautang mula sa Asian Development Bank (ADB) at Korean Export-Import Bank, kung saan ang malaking bahagi ng kapital nito ay nagmumula sa mga imperyalistang bansa tulad ng Japan at US.

Kasabay nito tintayo ang mga floating solar projects na kontrolado ng SunAsia Energy, ACEN Corp., at Vena Energy. Sasakupin nito ang 2,000 ektarya ng lawa at makakapagbigay ng 1,880.5 MW ng kuryente.

Sa bayan ng Pakil, tintayo ng burgesya komprador na si Enrique K. Razon ang mga proyektong enerhiya at tubig. Mainit na usapin ngayon ang Ahunan Dam na hihigop ng 1.6 milyong metriko kubiko ng tubig mula sa lawa ng Laguna upang lumikha ng 1,400 MW ng kuryente. Sa kabilang dulo naman ng Pakil, tinayo ng Manila Water ang Manila East Bay Water Treatment Plant para umano'y magsuplay ng malinis at maiinom na tubig sa NCR.


Para mapatupad ang mga proyektong ito, inilalako ng estado, mga pribadong korporasyon, at mga dayuhang institusyon ang ideya na "patay" na ang lawa ng Laguna. Mismong ang Laguna Lake Development Authority, ang ahensyang inatasan para sa pangangalaga ng lawa ng Laguna, ang nangunguna sa pagsabi na "patay" na ang lawa at dapat "tanggapin na lamang" ng mga mangingisda ang mga proyekto.

Hindi bago ang ganitong iskema sa lawa ng Laguna. Mula pa sa panahon ng diktadurang Marcos, sinimulan na ang malawakang urbanisasyon at pagtatayo ng imprastruktura sa lawa. Tampok na rito ang pagtatayo ng Napindan Channel na nagsara ng natural na kuneksyon ng Ilog Pasig sa lawa ng Laguna, at ang Manggahan Floodway sa Rizal na nagresulta sa malawakang demolisyon ng mga komunidad. Dahil dito, nawala ang natural na proseso ng "paglilinis" ng tubig sa lawa at nagbigay daan para sa pagpasok ng mga malalaking korporasyong pangisda.

Itinatag ang LLDA mismo para itaguyod ang ganitong mga plano, ha-

**Ano ang mga proyekto sa lawa ng Laguna?**

Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II, tuloy-tuloy ang tulak para sa mga proyektong imprastruktura sa mismong lawa ng Laguna. Ang kapalit? pagsira ng kalikasan, kawalan ng kabuhayan, at pagyurak sa karapatan.



los lagi para sa disbentahe ng mga mangingisda na nakatira sa lawa. Para ampatin ang galit ng mamamayan, tinayo rin ng pamahalaan ang mga Fisheries and Aquatic Resource Management Council para mabulid sa mababaw na repormismo ang mga lehitimong panawagan ng mga mamamalakaya.

### Tinatahi ng sinulid ng imperyalismo

Bahagi ng mas malawak na estratehiya ng eksport kapital ng US ang mga naturang proyekto. Bagama't hindi direktang kabilang ang Laguna, napapaggitnaan ang lalawigan ng Luzon Economic Corridor na sumasaklaw sa Pampanga, Metro Manila, at Batangas.

Layunin ng LEC na paunlarin ang kakayahan ng Pilipinas na magprodyus ng mga *semiconductor* at iba pang kagamitang pandigma ng US. Para mapabilis ito, kakailangan din na paunlarin ang imprastruktura sa mga probinsyang dadaanan ng LEC.

**Nananatili rin na ang pinakaepektibong lunas sa krisis ng lawa ay ang rebolusyon.** Dahil umuugat ang problema ng imperyalistang panghihimasok sa usapin ng malakolonyal na lipunan, marapat lang na lansagin ang ganitong bulok na kaayusan.

Hindi rin nahihiwalay ang mga proyektong renewable energy sa lawa ng Laguna sa iba pang mga proyekto ng US tulad ng inisyatibang Pax Silica. Ayon sa datos ng League of Filipino Students, kokonsumuhin ng Pax Silica ang halos kabuuan ng *electrical grid* ng Luzon; ibig sabihin, kakailanginin nito halos lahat ng kasalukuyang kuryenteng napoprodyus sa buong Luzon.

Tinutulak ngayon ng rehimeng US-Marcos II ang pagtatayo ng mga *power plant*, *transmission line*, at mga *renewable energy project* upang mapataas ang kakakayahan ng Pilipinas na suportahan ang Pax Silica. Bagama't may lehitimong pangangailangan na paunlarin at imodernisa ang mga pinagkukkuhhanan ng kuryente, nagagamit ang dahilan na ito para sa interes ng imperyalismong US.

Gayundin, dahil malaking komponente ng Pax Silica ang pagtatayo ng mga *data center* para sa *artificial intelligence*, kakailanganin din nito ang malaking batis ng malinis na tubig. Primerang pagkukuhanan ang lawa ng Laguna – ang pinakamalaking lawa sa buong Pilipinas.

Doble ang epekto nito. Una, lalong tinatali ang sektor ng enerhiya sa pribado at monopolyadong interes sa halip na pinapangasiwaan ito ng pambansang industriya ng enerhiya. Pangalawa, pinapatay nito ang lokal na produksyon ng isda sa lawa ng Laguna upang magbigay daan sa importasyon at mga malalaking kumpanya ng pangingisda.

Sa ganitong pagsusuri, nagiging malinaw na nagsisilbi ang LLRN at mga proyektong enerhiya sa lawa para sa ganansya at interes ng mga malalaking dayuhang monopolyo at sa pakikidigma ng US. Imperyalismo at ang malakolonyal na paghahari ng US ang nasa likod ng mga proyektong tinatayo sa lawa.

### Epekto sa kabuhayan

Ang tunay na epekto ng mga proyektong ito ay nararanasan ng mga mangingisda at komunidad sa tabing-lawa na unti-unting nawawalan ng kanilang pinagkukunan ng kabuhayan. Ayon sa Pamalakaya at Save Laguna Lake Movement, mahigit 8,000 mangingisda ang maaapektuhan ng *floating solar project* pa lamang. Dagdag pa rito ang 100,000 pamilyang maapektuhan ng Phase I ng LLRN ayon sa SLLM.

Sa Talim Island, Rizal, may mga panahong lubhang nahihirapan silang mangisda dahil sa malalaking alon at lumalabong tubig na bumabagal sa paglaki ng isda. Dagdag na pasaring pa sa kanila ang banta ng tinatayong windmill farm sa mismong isla, na nagtatangkang magpalayas sa halos lahat ng residenteng nakatira sa isla.

Sa Laguna, isang mangingisda na simula pa noong 15 taong-gulang ay nangingisda sa lawa ay makakakuha lamang ng limang kilong isda matapos ang walong oras sa laot dahil sa panahon ng amihan. Ang netong kita ng isang mangingisda ay maaaring umabot mula ₱400 hanggang ₱5,000 depende sa panahon. Sa pagdating ng mga proyektong ito, maaari itong lalong bumaba.

### Rebolusyon ang solusyon

Ang imperyalismong US ay hindi lamang nakikita sa pagpopondo ng mga proyektong ito kundi maging sa mga mekanismo ng pagkontrol na nakapaloob sa mga kasunduan at kondisyon ng mga pautang. Nagtatakda ang ADB, kung saan US ang may pinakamalaking bahagi ng pagboto, ng mga patakarang nag-oobliga sa Pilipinas na isapribado ang mga serbisyo at buksan ang ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan. Pagpapatuloy ito ng mga *Structural Adjustment Programs* na pinapatupad ng International Monetary Fund at World Bank sa ilalim ng Washington Consensus.

Dahil sa ganitong kalagayan, napipilitan ang Pilipinas na tanggapin ang mga proyektong higit na pakikinabangan ng dayuhang monopolyo, kapalit ng utang at pagkasira ng kabuhayan. Sa LLRN pa lamang, aabutin hanggang taong 2052 para lang mabayaran muli ang paunang puhunan ng ADB sa proyekto. Pondo ito na sana'y mapupunta sa mga ospital, edukasyon, at serbisyong panlipunan.

Sa kabila nito, nagpapatuloy pa rin ang mariing pagtutol ng mamamayan at ang kanilang pakikibaka para ipreserba ang lawa. Sa kalunsuran, malawak at malapad ang kampanyang masa upang tutulan ang mga mapanirang proyekto sa lawa ng Laguna at igiit ang pangangailangan para sa konserbasyon ng lawa. Linalahukan ito ng mga mangingisda, maralita, kababaihan, kabataan, at lahat ng may malasakit sa lawa ng Laguna.

Nananatili rin na ang pinakaepektibong lunas sa krisis ng lawa ay ang rebolusyon. Dahil umuugat ang problema ng imperyalistang panghihimasok sa usapin ng malakolonyal na lipunan, marapat lang na lansagin ang ganitong bulok na kaayusan. Bahagi ng programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang pagsasabansa ng mga malalaking dayuhang monopolyo at pagsasawalang-bisa ng mga hindi pantay na kasunduan sa mga dayuhan. Ititigil nito ang walang-habas na pamumuhunan ng dayuhang kapital upang magbigay daan sa pambansang industriyalisasyon at pagkamit ng tunay na soberanya sa ekonomya, pulitika, at kultura.

Hamon sa lahat ng Lagunense na protektahan ang lawa ng Laguna sa pamamagitan ng pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Dapat natin itayo at palakasin ang mga rebolusyonaryong kilusan sa lungsod at kanayunan, pamunuan ang pakikibaka laban sa imperyalismo, at pagtagumpayan ang laban para sa pambansang demokrasya at sosyalismo. ▼

# Kabataan, ang landas mo'y sa Rebolusyon!: Pag-alala kina Ka Ash at Ka Laura

**May mga kabataang hinubog ng karangyaan ng kalunsuran, samantalang may ilan sa kanilang hinubog ng mga bitak nito. Sa kalunsuran ng Laguna lumaki sina Jeramie "Ka Ash" Garcia at Abegail "Ka Laura" Bartolome—sa pagitan ng matatayog na gusali at mga komunidad na pinababayaan, sa gitna ng mga pangako ng progreso habang araw-araw na sinasalubong ang mga mamamayan ng kahirapan, panggigipit, at kawalang-katarungan.**



*Parangal para kay Jeramie "Ka Ash" Garcia bago siya ilibing, inilunsad sa kanyang kinalakihang komunidad sa Brgy. Sto. Niño, Biñan, Marso 2017*

## Sa mga bitak ng kalunsuran

Sa Brgy. Santo Niño, Biñan City, Laguna unang nasilayan ni Ka Ash ang tunay na mukha ng "kaunlarang" itinatanghal ng estado; kaunlarang itinatayo sa ibabaw ng mga tahanang gigibain at mga maralitang basta-basta na lang palalayasin. Noong 2015, habang binabantaan ng malawakang demolisyon ang kanilang komunidad sa tabing riles sa ilalim ng programang *Public-Private Partnership* ng rehimeng US-BS Aquino, nasaksihan niyang ang huwad na mga pangako ng pagbabago na ipinangangalandakan ng estado ay nangangahulugan ng pagkawala ng bahay at kabuhayan para sa mga katulad nilang masang anakpawis.

Sa halip na manatiling tahimik, pinamunuan niya ang kapwa kabataan sa kanilang lokalidad upang makiisa sa pakikibaka nila laban sa demolisyon. Mula sa tabing riles na unang humubog sa kanyang kamulatan, lalo pang lumawak ang kanyang rebolusyonaryong pagkilos—sa piketlayn ng mga manggagawang humahamon sa mga ganid na kapitalista, sa hanay ng mga magsasakang nagbubungkal at nagtatanggol sa lupang ninakaw ng mga panginoong maylupa, sa mga komunidad na nakikidigma sa mararahas na demolisyon, sa sigaw ng kabataang ipinaglalaban ang karapatan sa edukasyon, at sa martsa ng mga Lagunenseng lumalaban sa pyudalismo at imperyalismo—roon niya pinanday ang kanyang paninindigan bilang mabuting anak ng bayan.

Kung ang ugat ng pakikibaka ni Ka Ash ay mula sa bantang demolisyon sa ngalan ng pekeng progreso, una namang nasilayan ni Ka Laura ang mukha ng pagsasamantala sa loob ng kaniyang tahanan.

## Ang tahanang unang larangan

Sa San Pedro City, Laguna, lumaki si Ka Laura, sa isang pamilyang manggagawa at malaproletaryado. Ang kanyang ama ay halos mawalan ng kabuhayan bilang mananahi nang manaig ang industriya ng *ready-to-wear*, samantalang ang kaniyang ina ay mula sa pagiging kontraktwal na trabahador sa pabrika ng tela ay napilitang magtrabaho sa isang maliit na patahian na nakabatay sa *piece-rate* na sahod. Upang maitawid ang pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya at edukasyon ng kanilang mga anak, nag-*sideline* ang kaniyang mga magulang sa paglalaba, paglilinis ng bahay ng iba, at paninda. Bakas sa kanilang paghihikahos ang kabiguan ng pamahalaang magampanan ang kanilang tungkuling magserbisyo sa bayan, kung saan ginagawang pribilehiyo ang mga batayang karapatan katulad ng edukasyon.

Habang ang iba ay lumaki sa kaginhawaan ng lungsod, si Ka Laura ay lumaking saksi sa kung paanong ang pawis ng manggagawa ay hindi kailanman naging sapat upang mabuhay silang may dignidad. Kaniyang napagtanto na ang kahirapan ng kanilang pamilya ay hindi dahil sa kakulangan nila sa sipag, kun'di sa sistemang yumayaman sa paggawa ng uring inaapi habang patuloy silang inilulugmok sa kagipitan.

**Iisang landas, iisang paninindigan**

Magkaiba man ang kanilang pinagmulan, iisa ang landas na kanilang tinahak.

Mula sa laban sa tabing riles, hindi na lamang nasiyahan si Ka Ash sa pagmamasid sa mga bitak ng lipunan, pinili niyang maging bahagi ng pagpupuno rito. Naging tagapangulo siya ng mga organisasyon ng kabataan-estudyante at tagapagtatag ng organisasyon ng kabataang manggagawang pangkultura sa mga komunidad.

Sa kaniyang pagsayaw, pag-arte, at pag-oorganisa, kaniyang ipinamalas na ang lugar ng sining ay nakalaan upang magsilbi sa sambayanan. Sa maagang edad, iniwan niya ang kalunsuran at tinahak ang mapagpalayang landas bilang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, sa mga pahina ng kanilang pampaaralang pahayagan unang pinanday ni Ka Laura ang kaniyang tinig. Bilang gurong mag-aaral sa kolehiyo, natutuhan niyang gamitin ang panulat upang ilantad ang mga kwentong madalas ibaon sa katahimikan. Naging bahagi siya ng panreiyong alyansa ng mga kampus publikasyon, kung saan lalo pang lumalim ang kanyang pampulitikang kamalayan at naorganisa bilang kasapi ng Kabataang Makabayan noong 2011. Makalipas ang tatlong taon, pinili rin niyang sumampa sa pinakamataas na antas ng pakikibaka sa BHB, tangan ang paniniwalang ang pambansa-demokratikong rebolusyon ang tanging sagot upang makamit ang tunay na kalayaan.

Sa hanay ng hukbo ng mamamayan, hindi lamang nila sinabayan ang ritmo ng digmang bayan. Naging mga artista at manunulat din sila ng sambayanan; sila'y sumulat, sumayaw, at nagturo sa gitna ng makauring pakikibaka.

Para kay Ka Laura, walang tungkuling maliit o malaki. Masaya niyang ibinigay ang kaniyang buong kakayahan, sa gawaing masa, gawaing militar, gawaing teknikal, pagtuturo, pagbabantay, o pagluluto.

Ganoon din si Ka Ash, na sa bawat larangang kanyang tinahak ay pinatunayan niya na ang paglilingkod sa sambayanan ay nakabatay sa kahandaang ialay ang anumang kakayahan para sa kolektibong pagpapalaya.

**Ang alaalang hinding-hindi mapapaslang**

Bilang mga artista, manunulat, propagandista, organisador, at magiting na anak ng bayan, isinabuhay nina Ka Ash at Ka Laura ang paniniwalang ang pinakamakabuluhang sining ay yaong kumikilos kasama ang sambayanan, at ang pinakamatibay na panulat ay yaong handang maglimbag maging sa gitna ng pakikibaka. Hindi nila kinailangang hulaan ang hinagpis ng masa, sapagkat nagmula rin sila sa hanay ng uring manggagawa at malamanggagawa.

Kaya nang piliin nilang ialay ang kanilang talino, lakas, at buhay sa demokratikong rebolusyong bayan, walang pag-iimbot nilang binalik ito sa sambayanang unang humubog sa kanila. Maaaring natuldukan ng kamatayan ang kanilang mga kwento, ngunit hindi ang adhikaing kanilang ipinaglaban. Habambuhay na aalalahanin ng rebolusyon ang kasipagan at kagitingan nina Ka Ash at Ka Laura, sapagkat hangga't may mga kabataang magpapasyang ialay ang kanilang sarili sa paglaya ng uring pinagsasamantalahan, mananatiling buhay ang bayang ipinagkaloob nila ng kanilang buhay. ▼

# Militanteng pagdiriwang ng Pride month sa Laguna

BALITA

**Bilang pagsalubong sa Pride month, naglunsad ng mga militanteng pagkilos at selebrasyon ang iba't ibang grupo noong buwan ng Hunyo sa probinsya ng Laguna.**

Ihinandog ng Anakbayan Calamba at Kabataan Partylist Calamba ang *Silahis*, isang kultural na gig, noong Hunyo 26. Kasabay ng mga pagtatanghal at awit ng mga manggagawang pangkultura, tinalakay din ng mga tagapagsalita ang pangangailangang makisangkot ang LGBTQ+ sa mga isyung panlipunan. Itinampok din sa Silahis ang epekto ng imperyalismo at imperyalistang kultura sa pagpapatindi ng diskriminasyon sa hanay ng LGBTQ+.

Sinundan naman ito ng *Babaylan*, isa pang kultural na gig sa San Pedro noong Hunyo 27. Itinampok dito ng Anakbayan San Pedro at Panday Sining Biñan ang mga panawagang paglilitis kay Sara Duterte at pagpapakulong sa mga sangkot sa korapsyon. Ipinamalas na dahil hindi nahihiwalay ang LGBTQ+ sa pagsasamantala, hindi rin dapat ito nahihiwalay sa usapin ng pakikibaka.

Naglunsad din ng isang Pride march sa loob ng kampus ng University of the Philippines Los Baños, Hunyo 27. Pinangunahan ito ng UPLB Babaylan at ipinatampok ang panawagang "*Tax the Billionaires*," pagpapakulong kay Sara Duterte, at pagpapatalsik sa rehimeng US-Marcos II.

Nagsilbi ang mga aktibidad bilang pauna sa mas malaking Southern Tagalog Pride March na ginanap sa Batangas City, Batangas noong Hunyo 28.

Kinikilala ang Hunyo bilang buwan ng Pride bilang pag-alala sa marahas na kilos-protesta ng LGBTQ+ sa Stonewall Inn sa New York, USA noong Hunyo 28, 1969. Linabanan ng aabot na 1,000 bakla at lesbyana ang ginagawang pandarahas ng pulis sa LGBTQ+ dahil sa kanilang kasarian, na lumundo sa isang linggong protesta at serye ng paglaban sa kapulisan.

Sa Pilipinas, kinikilala ang militanteng katangian ng LGBTQ+ sa mahabang kasaysayan nito sa kilusang masa. Unang inilunsad ng Pro-Gay Philippines ang Pride March sa Maynila noong 1994 bilang protesta sa pagsirit ng presyo ng langis at kawalang aksyon ng rehimeng US-Ramos. Hanggang ngayon, aktibo ang LGBTQ+ sa harap ng pakikibakang masa at sa kilusang pambansa-demokratiko.

Maraming LGBTQ+ rin ang lumahok at patuloy na lumalahok sa rebolusyonaryong pakikibaka. Kinikilala ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan ang talino at husay ng LGBTQ+ na nagsisilbi bilang mga kadre at Pulang kumander sa kanayunan. Marami ring mga martir ng sambayanan na kinikilala ang sarilli bilang LGBTQ+, tulad ni John Carlo "Ka Yago" Alberto, Alyssa "Ka Ilaya" Lemoncito, at marami pang iba.

Kinikilala rin ng Partido na bahagi ng mga pundamental na karapatan na dapat makamit sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang pagkilala sa mga karapatan ng LGBTQ+. Kinikilala at ginagalang ng Partido ang karapatan ng LGBTQ+ na mag-asawa, magbuo ng pamilya, at magdiborsyo. Noong Pebrero 4, 2005, pinangasiwaan ng Partido ang kauna-unahang *same-sex marrriage* sa buong Asya nang ikinasal sina Ka Jose at Ka Andres. ▼



# Pag-asa't pakikibaka sa unang araw ng Mayo

May pamahiin ang mga magsasaka na kapag umulan sa unang araw ng Mayo, nangangahulugan itong magiging masagana ang ani. Biyaya raw ang Agua de Mayo - ang unang patak ng ulan na nagtatakdang tapos na ang tag-init. Ang iba, naniniwalang milagroso ang unang ulan at kayang magpagaling ng sakit.

Malalim ang ugat ng paniniwalang ito. Isa ito sa mga pre-kolonyal na paniniwalang nakaugat sa agrikultural na katangian ng ating bansa; mahalaga para sa mga magsasaka na malaman kung kailan nagbabago ang panahon para makapaghanda sa pagtatanim. Sa pagdating ng mga Kastila, natransporma ang paniniwalang ito at nabigyan ng relihiyosong katangian; ngayon, biyaya ang ulan ng Birheng Maria, o ng anto patron ng bayan.

Sa Crossing, Calamba, may ibang tradisyon kapag unang araw ng Mayo. Dumadayo ang libu-libo mula sa ibat' ibang bayan ng Laguna, Cavite, Batangas, Rizal, at Quezon para magkita kita sa gitna ng kalsada. Sarado ang Crossing kapag ganito. Sa halip na ulan, tila'y apoy ang dala ng mga unyonista, magsasaka, kabataan, at iba't ibang mga sektor na nagtipun-tipon para ipagdiwang ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa.

Iba ang kuryente sa hangin kapag Mayo Uno. Abril pa lamang mararamdaman mo na na may paparating. Abala sa paghahanda ang mga unyon; paglulunsad ng mga pag-aaral, paggawa ng mga plakard, watawat, at istrimer, mga pulong talakayan kapag shift meeting at general assembly, at marami pang paghahanda. Hindi biro ang pagpapapagod na binubuhos para sa pagkilos na kung tawagin ng iba'y Pasko ng mga manggagawa.

At Pasko nga naman talaga kapag nasa Crossing na. Nagmumula ang iba't ibang mga unyon, probinsya, at sektor sa apat na wing bago magtagpo sa gitna ng Crossing. Kapag malapit na, maririnig mo ang mga patung-patong na sigaw ng "*Uring manggagawa, hukbong mapagpalaya!*", "*Unyon ng manggagawa, itayo, ipaglaban!*", at ang walang-kupas na panawagan na "*Timog Katagalugan, tuloy-tuloy ang laban!*" sa buong paligid mo. Sa loob-looban mo, dama mo yung nag-aalab na diwa ng mahabang kasaysayan ng pakikibaka ng kilusang paggawa.

Aabante ang mga delegasyon para magtagpo sa gitna ng Crossing. Makikita mo ang iba't ibang gimik ng mga unyon. May mga kanya-kanyang *t-shirt*, mga *mural*, *effigy*, at iba pa. Haharap para magbigay ng kulturang pagtatanghal ang ibang mga kabataan bilang pagsalubong sa mga nagsasalubungan.

Pagkatapos ng pagtatanghal, papasok na sila. Nakaberde na chino at suot ng Mao cap. May dalang mga pulang watawat na may gintong maso at karit. Organisado silang hahanay para bigyang saludo ang mural ng limang dakilang guro - sina Karl Marx, Fredreich Engels, Vladimir Lenin, Joseph Stalin, at Mao Zedong. Sasaludo rin sila sa pang-anim na mural; kay Jose Maria Sison, tanglaw ng rebolusyong Pilipino. Sa dulo ng prusisyon, itataas ang simbolo ng makauring pakikibaka ng sambayanan: ang gintuang maso't karit na sumisimbolo sa saligang alyansa ng mga manggagawa't magsasaka. Ang simbolo ng pinakamapakapangyarihang ideyolohiya't sandata ng inaapi - komunismo.

Nakakamanghang isipin na bagama't magkaibang tradisyon ang pinagmulan ng Mayo Uno ng mga manggagawa at ng Agua de Mayo ng mga magsasaka, pareho pa ring mahalaga ang buwan ng Mayo para sa pareho. Ang isa, labi ng lumang mundo na nananatili hanggang ngayon. Ang isa naman, ang mundong nasa sinapupunan at nagihintay na isilang.

Lalong nakakamangha isipin kung paano nagsasama ang dalawang uri na ito. Magkaiba man ang kahingian, iisa lang ang ugat ng kanilang paghihirap: ang mga naghahar-ing uri sa lipunan na nagnanakaw ng kanilang pawis at dugo at kailangang pabagsakin. Mulat nilang pinagsasanib ang kanilang lakas sa ilalim ng iisang bandila; iisang Partido, na may iisang layunin: ibagsak ang lumang mundo at pandayin ang bago. Pagtagumpayan ang pambansa-demokratikong rebolusyon at ilatag ang sosyalismo.

Sa maiksing saglit sa Crossing, Calamba, sa harap ng military drill ng Hukbo at sa pagpaparada ng mga Dakilang Guro, nasilayan ng lahat ng imahe ng mundong ito: ang lipunang sosyalista na inaasam ng bawat manggagawa at bawat rebolusyonaryo. Isang lipunan kung saan tayo ang lumililkha ng ating tadhana.

Ito ang magtatakda ng tono ng programa. Dadalhin ito ng mga magsasalita: sa bawat paglalahad ng isyu, pagpapanawagan ng aksyon, at paghihimok sa atin na kumilos, pinapaalala nila sa atin na posible nga ang lipunang mas pantay. Posible at tiyak ang ating tagumpay, kung makikibaka tayo para kamtin ito.

Posible itong makamit dahil sinusulat natin ang mga pahina ng kasaysayan. Magkakasama ang iba't ibang mga sektor, sa pangunahing kumpas ng uring nagpapanday ng ating lipunan at namumuno sa pagbabago nito. Mahigpit na kakapit-bisig niya ang mga magbubukid sa kanayunan, ang mga petiburgesya sa kalunsuran, at ang lahat ng nag-aasam na maisilang na ang panibagong mundo. Ang Mayo Uno ay Pasko ng mga manggagawa; pinagdiriwang natin ang kapanganakan ng kamalayang komunista at ang pagsilang ng lipunang sosyalista.

At sa dulo ng programa, sama-sama nating pinagtitibay ang paninindigan natin. Lahat ay tumitindig at buong lakas na kumakanta, "*Bangon sa pagkakabusabos, bangon mga bihag ng gutom...*" ▼

Tomo 2 Blg. 1 Mayo-Hulyo 2026

# Pag-aaral sa epekto ng Ahunan Dam sa Laguna, inilunsad ng mga siyentista't mananaliksik

**Naglunsad ng isang Environmental and Socio-Cultural Impact Mission (ESCIM) noong Hunyo 27-28 ang mga siyentista, mananaliksik at mga boluntir sa Pakil, Laguna upang alamin ang mga epekto ng pagtatayo ng Ahunan Dam sa naturang bayan. Pinangunahan ito ng mga grupong Advocates of Science and Technology for the People (AGHAM)-Southern Tagalog at Kalikasan-Southern Tagalog katuwang ang alyansa at organisasyong Network Opposed to Ahunan Dam at Mamamayang Nagmamahal sa Pakil.**

Nilahukan ang misyon ng mahigit 60 katao mula sa iba't ibang pamantasan at lugar. Sa loob ng dalawang araw, nagsaliksik sila sa epekto ng tinatayong dam sa saribuhay, katubigan, sa kabuhayan at kultura ng bayan.

Ang Ahunan Dam ay isang *pumped-storage hydroelectric power plant* na naglalayong lumikha ng 1,400 MW ng kuryente kapag nakumpleto. Kahalintulad ang disenyo nito sa kalapit na Caliraya Dam na itinayo noong 1939 sa bayan ng Kalayaan, Laguna. Hihigop ito ng 1.6 milyong metro kubiko ng tubig mula sa lawa ng Laguna at dadalhin sa isang reservoir sa taas ng bundok Sierra Madre.

Mariing tinututulan ng mamamayan ng Pakil ang pagtatayo ng dam. Ayon sa kanila, malaking banta ito sa pagpapalala ng pagguho ng lupa at pagpatay sa mga likas na bukal sa kabundukan. Mula nang nagsimula ang proyekto, wala ring tigil ang pagpuputol ng mga puno ng lanzones, santol, rambutan, niyog at iba pang mga prutas sa erya.

Apektado rin ng pagtatayo ang kulturang bayan ng Pakil. Itatayo ang Ahunan Dam sa tuktok ng bundok Ping-As, kung saan may simbahan na taun-taong inaakyat ng mga deboto kada huling linggo ng Mayo. Tinatawag ang debosyon na ito bilang Ahunan sa Ping-as.

Dahil sa pagpupunyagi ng mga Pakileño na pigilan ang proyekto, nakaranas sila ng panggigipit mula sa estado. Isa rito si Daisy Macapanpan na kinasuhan noong 2022 ng rebelyon dahil sa kanyang pagtutol sa dam. Nabasura ang kaso laban kay Macapanpan makalipas ang isang taon.

Unang inilabas ang mga resulta ng ESCIM noong Hulyo 19, 2026 sa Pakil.

### Burgesyang kumprador na si Razon

Ang Ahunan Dam ay pinopondohan at isinusulong ng malaking burgesyang kumprador na si Enrique K. Razon. Si Razon din ang may-ari ng Manila Water at may monopolyo sa lohistika ng importasyon sa Pilipinas.

Noong Hunyo 15, iniulat ng Forbes magazine na si Enrique Razon Jr, na may kabuuang yaman na nasa $18.8 bilyon (₱1.27 trilyon), ang ika-143 pinakamayaman sa buong mundo. Siya ang pinakamayamang Pilipino at tinaguriang unang "trilyunaryo" sa Pilipinas.

Pinakamalaking negosyo ni Razon ang International Container Terminal Services, Inc (na may kabuang kita ng ₱177.3 bilyon) Manila Water Co. (₱66.6 bilyon) at Bloomberry Resorts Corp (₱53.9 bilyon). May mga negosyo din siya sa sektor ng pagmimina, renewable energy, kuryente, real estate, langis at pamumuhunan. Pagmamay-ari din niya ang nasa 60% ng apat na gas-fired na planta ng kuryente na dating hawak ng mga Lopez.

Noong Marso, binili niya ang SierraCol Energy Limited, ang pinakamalaking independyenteng kumpanya ng langis at gas sa Colombia, mula sa The Carlyle Group. ▼

*Balita mula sa Ang Bayan Ngayon*

**Convict Sara Now!** Naglunsad ng porum hinggil sa nagaganap na *impeachment trial* ni Sara Duterte, Hulyo 31, sa pangunguna ng San Pablo Ayaw sa Korapsyon, kasama ang Transparency and Accountability through People's Action, sa Canossa College, San Pablo. Nagsalita sina Fr. Robert Reyes at Neri Colmenares hinggil sa nagaganap na *impeachment*, ang mga prospek nito, at ano ang mga mahahalagang tungkulin ng mamamayan. ▼

**Flood control sa Calamba, rineklamo.** Nagsampa ang mamamayan ng Calamba ng mga reklamo sa mahigit apat na ma-anomalyang flood control projects sa bayan ng Calamba. Kabilang sa mga reklamo ang mga puna ng palpak na pagkagawa at mga kwestyon sa pag-antala ng proyekto. Rineklamo ang mga proyekto sa mga barangay ng Mayapa, Banlic, Looc, at San Cristobal, habang inaalmahan din ng mamamayan ang mga proyekto sa Sampiruhan, Prinza, at Punta. ▼

**Bilanggong pulitikal, palayain!** Binasura ng korte ng Santo Tomas, Batangas ang kasong *falsification of documents* laban sa aktibistang si Pauline Joy Banjawan, Hulyo 6. Si Banjawan ay dinukot ng AFP sa Batangas noong Abril 2025 habang nangangampanya siya para sa party-list na Bayan Muna. Sa kasalukuyan, kumakaharap pa rin siya sa kasong *illegal possession of firearms and explosives* sa Tanauan, Batangas. ▼

**Kilusang lihim sa Laguna, lumalawak.** Patuloy na nagkokonsolida at nagpapalakas ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng NDFP sa lalawigan ng Laguna, kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Noong Abril, sinalubong ng RCTU-Laguna ang Mayo Uno sa pagpapamahagi ng pahayag at polyeto sa mga sentrong bayan. Nitong Hunyo naman, naglunsad ng mga serye ng oplan-pinta ang mga balangay ng ARMAS at KM sa piling lugar sa mga lungsod. ▼

**Stop US-led wars!** Itinatag ang Southern Tagalog Opposes US-led Wars matapos ang isang porum sa Philippine Christian University sa Dasmariñas, Cavite, Mayo 11. Naging tampok na paksa sa porum kung paano ginagamit ng US ang pwersang estado nito para manghimasok sa iba't ibang bansa, mula noon hanggang ngayon. Nagkaisa ang mga dumalo na magpunyagi para tutulan ang pang-uupat ng lahat ng gera ng US. ▼

**Militarisasyon sa Mindoro, tinutulan.** Kinundena ng Karapatan at Defend Mindoro ang nagpapatuloy na militarisasyon sa isla ng Mindoro matapos ang isang engkwntro sa pagitan ng BHB at mga elemento ng 76th IBPA ng AFP, sa Naujan, na nagresulta sa pagkasawi ng tatlong Pulang mandirigma. Ayon sa mga ulat, sapilitang pinalikas ng militar ang mga residente gamit ang mga tangke.▼

**Hamas, linusaw ang pamahalaan sa Gaza.** Linusaw ng grupong Hamas ang kanilang pamahalaan sa erya ng Gaza Strip upang magbigay daan sa National Committee for the Administration of Gaza. Layunin ng NCAG na magbuo ng nagkakaisang pamahalaan sa Palestine habang linalantad nito na hindi ang pamamahala ng Hamas ang dahilan kung bakit sinakop ng Israel ang Gaza, kundi dahil bahagi ito ng Zionistang layunin nito. ▼

# Tanikala

*ni Ka JM*

Sa bayang sagana sa lupa, dagat, at ginto,
bakit ang masa'y gutom at luha ang katapat nito?

Iniwang hungkag ang hapag ng pamilyang maralita,
habang mayayamang dayuhan ay sagana sa biyaya.

Milyong manggagawa ang bumabangon nang maaga,
ngunit hirap pa ring takasan ang kumakalam na sikmura.

Pinagkakaitan ng lupa ang magsasakang lumilikha ng pagkain,
kaya sariling ani'y hindi man lamang malasap at kamtin.

Ekonomiyang nakatali sa banyagang kapangyarihan,
kaya sariling industriya'y unti-unting nalilibingan.

Yamang likas ng bayan ay walang habas na kinukuha,
ngunit ang kapalit sa mamamayan ay kahirapan at pagdurusa.

Eksploytasyon ang araw-araw na sinasapit ng paggawa,
habang tubo ng iilan ay lalo pang lumalaki at dumarami pa.

Rekursong para sa sambayanan ay nilulustay at inaagaw,
kaya pag-unlad na dapat sana'y sa iba napupunta't naglalaho.

Yaman na nililikha ng anakpawis sa bawat patak ng pawis,
hindi sa kanya bumabalik kundi sa ganid na nagtatamis.

Agrikultura'y nilulunod ng dayuhang kalakal,
kaya magsasaka'y baon sa utang at dalamhati't hinagpis.

Luha ng mga magulang ang pumapatak gabi-gabi,
kapag ang anak ay natutulog nang gutom at walang masabi.

Interes ng dayuhan ang laging nasa unahan,
habang kapakanan ng bayan ay naiiwan sa kawalan.

Sahod ay kapiranggot, presyo nama'y singtaas ng langit,
kaya bawat pangarap ng masa'y unti-unting naiipit.

Tubo ng malalaking korporasyon ang laging ipinagtatanggol,
kahit karapatan at buhay ng tao ang siyang nadudurog.

Ang masa'y kinadenahan sa siklo ng kahirapan,
habang iilan lamang ang patuloy na nakikinabang.

Ang tanong, ano kaya ang kumakadena sa mga masa ito?
basahin ang unang titik ng bawat saknong na nakatayo;
sapagkat sa likod ng gutom, luha, at pagsasamantala ng tao,
may isang sistemang matagal nang nakapulupot sa atin–
IMPEYERYALISTA! Ang tanikala ng sambayanang Pilipino.

▼

KULTURA

# KALENDARYO NG BAYAN

## AGOSTO

**7** — 1998: Pinirmahan ang **Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law**.

**21** — 2022: Dinukot at pinaslang ng militar si **Benito Tiamzon** at **Wilma Austria**, bago pasabugin ang kanilang mga labi, sa Calbayog, Samar.

**23** — 1896: Nagtipon ang mahigit 1,000 Katipunero sa **Pugad Lawin** para ipahayag ang kanilang pag-aaklas laban sa kolonyal na paghaari ng España.

**27** — 2004: Pinaslang ng mga hindi kilalang elemento ng estado si **Melita Trinidad Carvajal**, lider-kababaihan sa Santa Rosa, Laguna.

**30** — **Pandaigdigang Araw ng mga Desaparecidos.** Ginugunita at kinikilala ang mga desaparecidos, mga indibidwal na sapilitang winala ng estado.

## SETYEMBRE

**1** — 1992: Pinirmahan ang **Hague Joint Declaration**, na naglalatag ng adyenda ng usaping pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP.

**13** — 1907: Binitay ng mga Amerikano si **Macario Sakay**, Katipunero na nagpatuloy ng pakikidgimang gerilya laban sa US matapos sumuko ni Aguinaldo.

**16** — 1992: Pumasa sa Senado ang desisyon na ibasura ang **US-RP Bases Treaty** at winakasan ang paggamit ng US sa Subic Air Base at Clark Air Base.

**21** — 1972: Prinokalama ni Ferdinand Marcos Sr. ang Proclamation 1081, na nagpailalim sa bansa sa **Batas Militar** hanggang 1981.

**25** — 1879: Pinanganak si **Lope K. Santos**, unyonista at awtor ng *Banaag at Sikat*, kinikilala bilang unang sosyal-realistikong nobela sa Pilipinas.

## OKTUBRE

**7** — 2023: Naglunsad ng serye ng mga atake ang Al-Qassam Brigades ng Hamas laban sa Zionistang Israel, na tinatawag bilang **Daluyong ng Al-Aqsa**

**11** — 2014: Pinaslang ng Amerikanong sundalong si Joseph Scott Pemberton si **Jennifer Laude**, isang trans Pilipino na nagtatrabao sa bar sa Olongapo.

**15** — **Pandaigidgang Araw ng Kababaihan sa Kanayunan**. Kinikilala sa araw na ito ang nagpapatuloy na pakikibaka ng kababaihan sa kanayunan.

**16** — **Pandaigdigang Araw ng Kagutuman.** Pinapatampok ang patuloy na kawalan ng seguridad sa pagkain para sa karamihan ng mamamayan sa buong daigdig.

**21** — 1973: Pinirmahan ni Ferdinand Marcos Sr. ang **Presidential Decree 27**, na nagbigay daan para sa lalong konsolidasyon ng lupa sa kamay ng iilan.

**29** — 2021: Namartir si **Jorge "Ka Oris" Madlos**, kagawad ng Komite Sentral ng PKP at tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan.